THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#576 OCTOBER 16-31, 2026 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# THE FILIPINO VOTE: A DUTY WE CAN NO LONGER IGNORE!

***By Tony A. San Juan, OCT-Retired***

**CANADA** — On October 26, 2026, every eligible Filipino-Canadian residing in the province of Ontario has a choice to make. Not just at the ballot box, but about what kind of community we want to be, and also what reasonable expectations and developments we want to achieve for ourselves and our families.

For too long, we have been one of the fastest-growing communities in Canada, and yet one of the quietest..."parating tahimik", at the polls. "Pero sa Pinas, laging matapang at maingay! Ngunit kabaligtaran at kakaibang kilos dito sa ating pangalawang bayan." An embarrassing contradiction of sound behaviour and practice.

We are nurses, caregivers, teachers, technicians, factory workers, service providers, small business owners, and practising professionals. We pay taxes, we raise families, we buy goods, we buy homes, we buy cars, we send help back home, we work and work, and we help build this country every single day since arriving in Canada. Right?!?

Yet when decisions are made differently and directly impacting and affecting us in City Hall, Queen's Park, and on Parliament Hill, our voice is often absent or never heard. "Walang impluwensiya, wika nga." No clout, unarguably, if not sadly and sorely characterised.

We cannot complain about the cost of living, the lack of affordable housing, the skyrocketing apartment rents, the long wait times in healthcare, the credentialing that keeps our professionals unemployed or underemployed, or the absence of Filipino-Canadian representation in the halls of power--if we did not bother to vote and/or support a kababayan candidate in our ward or electoral riding.

Voting is not just a right. It is a civic duty, a noble duty. We exercise this responsibility every 3 or four years, so we have to be intelligent and diligently honest to engage and elect the candidate whom we believe will deliver the goods and the promise. Or else, we will have to suffer and wait for the next election call.




***October 26, 2026: Election Day in Ontario***

Many of us came from a country where our people and forefathers fought and died for democracy and freedom, including the right to vote. We line up for hours under the hot sun and humid air, "sa ating bayang sinilanganan", to cast our ballot. We should not take it for granted here in Canada, where we have that same precious right.

On October 26, 2026, come out and vote as one community!

Vote because your parents or your older siblings or relatives sacrificed to give you a better future in Canada, and this is how you honour that great sacrifice.

Vote because if you don't, someone else will decide for you—on your jobs, your schools, your roads, your hospitals, your benefits, your safety, and your future.

Vote because democratic representation is not given in open arms; it is earned.

Politicians listen to communities that show up. If Filipinos show up in numbers at the polling booth, every party and every candidate will have to listen to us... Filipino-Canadians, after the election, and when they start governing.

To our kababayans in Toronto, Ajax, Aurora, Brampton, Hamilton, London, Markham, Mississauga, Niagara Falls, Oshawa, Ottawa, Vaughan and other Ontario cities and towns: bring your family, bring your friends and neighbours, bring your elderly relatives, bring a first-time voter and those who are citizens and eligible to vote to use the right of suffrage,

We are more than 1 million strong in Canada and over 400,000 in Ontario. Imagine what we could do if all eligible Filipinos voted. We have the numbers to be the swing vote. Use it! Iboto natin ang mga Filipino- Canadian candidates for Councillors and School Trustees in your Wards or Ridings!

This October 26, 2026 ( Monday), and beginning October 6, 2026 ( Tuesday) for advance voting, stop complaining on the sidelines."Tigilan ang paghihimutok. Tigilan ang paulit-ulit na panghihinayang at pagsisisi sa huli. Itama ang nararapat gawin para sa iyo at sa iyong pamilya." Get out, step into the booth, mark your ballot, and make your vote count. Mabuhay tayo ! Mabuhay ang Pilipino!!!. ***TALIBAFLIPZMEDIA.COM***

# Lalaking Canadian kinasuhan ng pang-aabuso ng mga bata sa Pinas

Si **Christopher Steven Hoskins, 50, mula sa Winnipeg** ang nahaharap sa kasong sekswal exploitation matapos ang internasyonal na imbestigasyon ukol sa pang-aabuso ng mga bata sa Pilipinas.

Ayon sa akusasyon ng pulis Winnipeg sa pagitan ng huling bahagi ng 2017 at kalagitnaan ng 2023, ang isang lalaki ay nakipag-usap sa dalawang tao sa Pilipinas tungkol sa paglikha ng child sexual abuse at exploitation material kapalit ng pera.

Ang mga tao sa Pilipinas ay may ilang bata sa kanilang pangangalaga, na edad mula preschool hanggang school age, ayon sa pulis Winnipeg sa isang release kamakailan.

Si Hoskin ay nagpadala rin ng sexual abuse material sa mga tao sa Pilipinas, ayon sa pulis.

Sa pagitan ng Marso at Hulyo 2023, naniniwala ang pulis na nag-demand siya ng mas maraming sexual abuse material mula sa mga tao sa Pilipinas, nagbanta na ipapadala ang materyal na hawak na niya sa kanilang mga pamilya at kaibigan sa pamamagitan ng social media na kailangang sumunod sa kanya.

Sinabi ng mga imbestigador na ipinamamahagi ng lalaki ang exploitation material sa social media platforms sa USA.

Noong Enero 2025, ibinigay ng mga imbestigador sa Estados Unidos mula sa Homeland Security sa National Child Exploitation Crime Centre ng RCMP ang isang tip tungkol sa imbestigasyon sa Canadian suspek.

Sinalo ng child exploitation unit ng Winnipeg Police Service at napag-alaman na ang suspek, na gumagamit ng online alias, na namumuhay sa siyudad.

Naaresto si Christopher Steven Hoskins sa timog Winnipeg at nakasamsam ng ilang electronic device.

Si Hoskins ay kinasuhan ng sexual offence laban sa mga kabataan sa Pinas na wala pang 18 taong gulang kasama ang kasabwat na gumawa ng sexual interference at sexual touching.

Nahaharap din siya sa anim na kaso ng paggawa, pag-access, pag-angkat, pamamahagi at paghawak ng child sexual abuse at exploitation material, kasama ang isang count ng extortion.

Pansamantalang nakalaya si Hoskins na may mga restriction.

# Stranded mga OFW Pilipino matapos ang pag-atake sa Saudi Arabia airport

Apat na Pilipino ang kabilang sa mga biktima ng isang missile attack sa King Khalid International Airport sa Riyadh, Saudi Arabia noong Sabado. Sinabi ng mga rebeldeng Houthi mula sa Yemen na responsable para sa nakamamatay na pag-atake.

Ang missile attack noong Sabado ang pinaka-deadliest laban sa isang bansa sa Gitnang Silangan mula nang magsimula ang digmaan sa Iran noong Pebrero. Mahigit 300 katao ang nasaktan sa pag-atake noong Sabado at 12 ang namatay.

Naulit ang pag-atake sa parehong terminal ng international airport. Iniulat ng Saudi Civil Aviation Authority na 1 Pakistani resident ang namatay at 11 pa ang nasugatan sa pag-atake sa King Khalid International Airport,

Ang mga pag-atakeng ito ay naganap matapos sabihin ng mga Houthi na ang paliparan na nasa kanilang kontrol sa kapitolyo ng Yemen na Sanaa ay inatake muli. Sinisi nila ang Saudi Arabia para sa pag-atake ngunit hindi nagbigay ng detalye.

Ang mga Houthi ay isang mahalagang bahagi ng regional network ng Iran na tinatawag na "Axis of Resistance."

Ang grupo ay tumatanggap ng suporta, training at armas mula sa Iran.

**Narito ang mga kawani ng Pilipinas na maaari niyong kontakin:**

**RIYADH/CENTRAL REGION**
Philippine Embassy: +966 56 989 3301
MWO Riyadh: +966 50 285 0944, mwo_riyadh@dmw.gov.ph
OWWA Riyadh: +966 50 285 0944, welfare_riyadh@owwa.gov.ph

**JEDDAH/WESTERN REGION**
Philippine Consulate General: +966 55 521 9613, +966 55 521 9614
MWO Jeddah: +966 56 981 9720, mwo_jeddah@dmw.gov.ph
OWWA Jeddah: +966 54 473 7797, jeddah@owwa.gov.ph

**AL KHOBAR/EASTERN REGION**
MWO Al Khobar: +966 56 232 9926, mwo_alkhobar@dmw.gov.ph
OWWA Al Khobar: +966 56 232 9926, alkhobar@owwa.gov.ph


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Canada inanunsyo ang $430M para sa pagsasanay at pagrerekrut ng skilled trades workers

## Ang pondo parte ng pagrerekrut at pagsasanay ng 80,000 hanggang 100,000 na bagong manggagawa pagsapit ng 2031



**Secretary of State for Labour John Zerucelli**

***Plano ng pederal na gobyerno na tulungang pondohan ang bagong imprastraktura, equipment at recruitment efforts ng mga unyon at iba pang mga organisasyon upang sanayin ang mga manggagawa bilang parte ng isang bagong funding announcement***.

Ang pondo naglalayong matupad ang isang layunin na inanunsyo noong spring economic update na tinawag na Team Canada Strong — isang plano para mag-recruit, mag-train at mag-hire ng 80,000 hanggang 100,000 na bagong skilled trades workers na may nationally recognized Red Seal certification pagsapit ng 2030-31.

Bahagi ng pondo ay ibibigay sa pamamagitan ng Union Training and Innovation Program at sa pamamagitan ng pera na itinabi noong spring economic update, at isasama rito ang tatlong iba't ibang stream.

Ang ***unang stream*** tutulungan na pondohan ang mga investment sa equipment para sa mga unyon, kolehiyo at iba pang organisasyon na sasanayin ang mga manggagawa sa Red Seal trades. Pansamantalang babayaran ng pederal na gobyerno ang hanggang 70 porsyento ng halaga ng training equipment, tumaas mula 50 porsyento.

Ang ***pangalawang stream***, imprastraktura, ay naglalayong tulungan ang mga unyon at organisasyon na nagsasanay ng mga manggagawa na palawakin o magtayo ng training centres na pinapalakad ng mga unyon upang madagdagan ang kapasidad sa buong bansa. Nais ng gobyerno na tulungan ang shovel-ready projects na maaaring magsimula ang konstruksyon sa susunod na tagsibol.

Ang ***pangatlong stream***, innovation, ay mag-aalok ng pondo para sa mga organisasyon at unyon na may mga ideya para i-recruit, i-retain at i-train ang Red Seal trades, kasama ng pagsuporta sa mga apprentice na naglalayong magkaroon ng certification.

Maaaring kasama rito ang mga bagay tulad ng pag-integrate ng artificial intelligence o tumulong sa pag-recruit ng mga apprentice sa pamamagitan ng mga bagong inisyatiba.

Ang pormal na anunsyo ay naganap kamakailan Huwebes ng umaga sa Metcalfe, Ont., sa labas ng Ottawa. ***RCI***

"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# VR Stones & Quartz Inc.

## *VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.*

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.




With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!




**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab

















# Daan-daan ang pumila sa kalsada para makita ang K-W Oktoberfest Thanksgiving Day parade

*Ang taunang Thanksgiving Day parade may mga banda, mananayaw, mga float, at siyempre, si Onkel Hans*

*Hindi ito Thanksgiving weekend kung wala ang Kitchener-Waterloo Oktoberfest Thanksgiving Day parade.*

*Daan-daang tao ang pumila sa Weber Street Lunes ng umaga para sa parada. Malamig ang panahon noong umaga, ang temperatura nasa 11 C nang magsimula ang parada sa downtown Kitchener bandang 9:30 a.m., ngunit ang magkahalong sikat ng araw at maulap na kalangitan winarm up ang mga tao habang sila ay nanonood.*

*Narito ang ilang eksena mula sa parada:*

***Ulat ng RCi***



Onkel Hans kumaway sa mga tao mula sa tuktok ng isang float sa K-W Oktoberfest parade



Ang mga miyembro ng HMCS Star, isang professional naval reserve band na nakabase sa Hamilton, nagtanghal sa parada



Ang bawat festhalls sa Waterloo region ay may ambasador na dumadalo sa mga event at pino-promote ang club buong taon. Nag-share sila ng float sa parada



Ang mga mananayaw sa taunang Thanksgiving Day parade sa downtown Kitchener.


HELLO OCTOBER
Open to His guidance.
SEE PSALM 25:4
Choose His truth.
SEE JOHN 8:32
Trust His timing.
SEE ECCLESIASTES 3:1
Overcome with faith.
SEE 1 JOHN 5:4
Be a blessing.
SEE GENESIS 12:2
Embrace His love.
SEE ROMANS 5:8
Rest in His promises.
SEE PSALM 37:7
cctuazon






# Magkakaroon ba ng World War 3? hinula ba ito sa Bibliya?

**Nitong nakaraang 30 taon, iniisip ng marami na paganda na nang paganda ang ugnayan ng mga bansa**. Pero totoo nga ba iyan? Pansinin ang mga ulat na ito:

"***Nag-aalala ang mga tao na madadamay ang katabing mga bansa dahil sa labanan ng Israel at Hezbollah sa border ng Lebanon habang may digmaan din sa Gaza."***—Reuters, Enero 6, 2024.

***"Iba't ibang lugar ang inaatake ng mga grupong mula sa Iran, at nagsimula na na-mang gumawa ng mga nuclear weapon ang Iran. Kaalyado na rin nito ngayon ang Russia at China, at posible itong maging banta sa America at iba pang mga bansa."***—The New York Times, Enero 7, 2024.

"Napakalaki ng pinsala sa Ukraine dahil sa walang-tigil na pag-atake ng Russia."—UN News, Enero 11, 2024.

"***Gumagandang ekonomiya at lumalakas na militar ng China, tumitinding nasyonal-ismo sa Taiwan, at di-magandang ugnayan ng China at U.S.—handa na ang lahat para sa isang krisis."***—The Japan Times, Enero 9, 2024.

Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga digmaang nangyayari sa ngayon? Mauuwi ba ito sa world war?

Inihula ng Bibliya ang mga nangyayari ngayon

Hindi naman binanggit sa Bibliya ang anu-mang espesipikong digmaan ngayon. Pero in-ihula nito na darami ang digmaan at mawawala ang "kapayapaan sa lupa."—Apocalipsis 6:4.

Inihula sa aklat ng Daniel na "sa panahon ng wakas," 'magtutulakan,' o mag-aagawan sa kapangyarihan, ang mga magkakalabang bansa. Sa pag-aagawang iyon, ipapakita nila ang militar na kapangyarihan nila at gagamit sila ng napakalaking "kayamanan."—Daniel 11:40, 42, 43.

## Isang digmaang paparating

Ipinapakita sa Bibliya na lalala muna ang sit-wasyon sa mundo bago ito bumuti. Sinabi ni Jesus na "magkakaroon ng malaking kapig-hatian na hindi pa nangyayari mula nang pa-simula ng mundo." (Mateo 24:21) Pagkatapos ng "malaking kapighatian," magsisimula ang digmaan ng Armagedon, o ang "digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangya-rihan-sa-Lahat."—Apocalipsis 16:14, 16.

Gagamitin ng Diyos ang digmaan ng Armagedon para alisin ang pamamahala ng tao, na naging dahilan ng napakaraming dig-maan. Kaya sa digmaang ito, maliligtas ang mga tao at hindi mapapahamak. Para malaman kung paano magkakaroon ng kapayapaan dahil sa Armagedon.

Ang digmaan ng Armagedon ay tumutukoy sa pangwakas na digmaan sa pagitan ng Diyos at ng mga gobyerno ng tao. Ang mga gobyernong ito at ang kanilang mga tagasuporta ay sumasalansang sa Diyos ngayon pa lang dahil hindi sila nagpapasakop sa kaniyang pamamahala. (Awit 2:2) Wawakasan ng digmaan ng Armagedon ang pamamahala ng tao.—Daniel 2:44.

Ang salitang "Har-Magedon" (Armagedon) ay minsan lang lumitaw sa Bibliya, sa Apocalipsis 16:16. Bilang hula, ipinakikita ng Apocalipsis na sa "dako na sa Hebreo ay tinatawag na Har-Magedon," ang "mga hari ng buong tinatahanang lupa" ay 'titipunin sa digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat.'—Apocalipsis 16:14.

Sino ang maglalaban sa Armagedon? Pangungunahan ni Jesu-Kristo ang isang makalangit na hukbo tungo sa tagumpay laban sa mga kaaway ng Diyos. (Apocalipsis 19:11-16, 19-21) Kasama sa mga kaaway na ito ang mga humahamak sa Diyos at sumasalansang sa kaniyang awtoridad.—Ezekiel 39:7.

Ang Armagedon ba ay literal na magaganap sa Gitnang Silangan? Hindi. Sa halip na sa isang lugar lamang magaganap, ang digmaan ng Armagedon ay sasaklaw sa buong lupa.—Jeremias 25:32-34; Ezekiel 39:17-20.

Ang Armagedon, na isinasalin ding "Har–Magedon" (Har Meghiddohn sa Hebreo), ay nangangahulugang "Bundok ng Megido." Ang Megido ay isang dating lunsod sa nasasakupan ng sinaunang Israel. Iniuulat sa kasaysayan ang mahahalagang digmaan na naganap sa lugar na ito, kasama na ang ilan na nakaulat sa Bibliya. (Hukom 5:19, 20; 2 Hari 9:27; 23:29) Gayunman, ang Armagedon ay hindi maaaring tumukoy sa literal na lugar malapit sa sinaunang Megido. Wala namang malaking bundok doon, at kahit isama pa ang kalapít na Mababang Kapatagan ng Jezreel, hindi ito sapat para sa lahat ng lalaban sa Diyos. Sa halip, ang Armagedon ay ang pandaigdig na pangyayari kung saan magtutulong-tulong ang mga bansa upang labanan ang pamamahala ng Diyos sa abot ng kanilang makakaya.

Ano ang mangyayari sa digmaan ng Armagedon? Bagaman hindi natin alam kung paano gagamitin ng Diyos ang kaniyang kapangyarihan, maaaring gamitin niya ang mga sandatang nagamit na niya noon—graniso, lindol, humuhugos na ulan, apoy at asupre, kidlat, at sakit. (Job 38:22, 23; Ezekiel 38:19, 22; Habakuk 3:10, 11; Zacarias 14:12) Dahil sa kalituhan, ang ilan sa mga kaaway ng Diyos ay magpapatayan, pero matatanto nga nila na ang Diyos mismo ang kalaban nila.—Ezekiel 38:21, 23; Zacarias 14:13.

Ang Armagedon ba ang magiging katapusan ng mundo? Hindi ito ang magiging katapusan ng ating planeta, yamang ang lupa ang tahanan ng tao magpakailanman. (Awit 37:29; 96:10; Eclesiastes 1:4) Sa halip na lipulin ang sangkatauhan, ililigtas nga ito ng Armagedon, dahil "isang malaking pulutong" ng mga lingkod ng Diyos ang makaliligtas.—Apocalipsis 7:9, 14; Awit 37:34.

Gayunman, bukod sa pagtukoy sa lupa, ang salitang "sanlibutan" sa Bibliya ay tumutukoy kung minsan sa napakasamang lipunan ng tao na salansang sa Diyos. (1 Juan 2:15-17) Sa diwang ito pasasapitin ng Armagedon ang "katapusan ng sanglibutan."—Mateo 24:3, Ang Biblia.

Kailan mangyayari ang Armagedon? Nang tinatalakay ni Jesus ang "malaking kapighatian" na magtatapos sa digmaan ng Armagedon, sinabi niya: "May kinalaman sa araw at oras na iyon ay walang sinuman ang nakaaalam, kahit ang mga anghel sa mga langit kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang." (Mateo 24:21, 36) Pero ipinakikita ng Bibliya na ang Armagedon ay mangyayari sa panahon ng di-nakikitang pagkanaririto ni Jesus, na nagsimula noong 1914.—Mateo 24:37-39. ***Karagdagan Kaalaman, visit*** **www.JW.org**




Jehovah
is your
peace
when the world
is chaos.
Phil. 4:7

# PEACEFUL HOPE



Jehovah's Witnesses are more than a name—they are a worldwide community united by faith in Jehovah God, love for Jesus Christ, and a desire to share the Bible's hope with others. Their message is centered on God's Kingdom and the promise of a peaceful earth. - Visit JW.ORG

Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from South-east Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

**ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS!** **Taliba Newspaper & Flipz Media** **647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***